| Pangunahing Ahensya ng CEQA/NEPA | Ahensya ng Sponsor | Ahensya ng Kasosyo sa Pagpopondo |
|---|---|---|

**Abiso ng Pampublikong Pagdinig at Abiso ng Pagkakaroon (NOA) ng Burador ng Ulat sa Epekto sa Kapaligiran (EIR) at Pagtatasa sa Kapaligiran (EA) para sa Proyekto ng mga Pagpapahusay sa Interstate 405 (I-405) mula sa Wilmington Avenue hanggang Main Street**

**ANO ANG PINAPLANO?**

Ang California Department of Transportation (Caltrans), sa pakikipagtulungan sa Los Angeles County Metropolitan Transportation Authority (Metro) at sa South Bay Cities Council of Governments, ay nagmumungkahi ng mga pagpapahusay sa Interstate 405 (I-405) sa Lungsod ng Carson, sa pagitan ng Wilmington Avenue (postmile [PM] 9.6) at Main Street (PM 12.6). Ang layunin ng Proyekto ng mga Pagpapahusay sa I-405 mula Wilmington Avenue hanggang Main Street (Proyekto) ay mapabuti ang pagkakakonekta at mapalawak ang multimodal na pag-access sa loob ng koridor ng Proyekto, at masuportahan ang nakaplanong pagpapaunlad ng ekonomiya sa loob ng Lugar ng Pag-aaral ng Proyekto. Ang pangangailangan para sa ipinanukalang Proyekto ay mapabuti ang daloy ng trapiko at kaligtasan ng mga sasakyan, at makapagbigay ng karagdagang pag-access at pagkakakonekta para sa mga naglalakad at nagbibisikleta sa mga lokal na interchanges sa buong koridor ng Proyekto.




*Note: Transportation System Management/Transportation Demand Management (TSM/TDM) improvements are proposed throughout the Project Study Area under Alternatives 2 and 3.

Tatlong alternatibo ang isinulong para sa pagsusuri. Ang Alternatibo 1 ay ang Alternatibong Walang Pagtatayo. Ang Alternatibo 2 ay magtatayo ng apat na auxiliary lane (dalawa sa direksiyong pahilaga at dalawa sa direksiyong patimog) at magpapatupad ng mga elemento ng Complete Streets sa undercrossing ng 213th Street at sa mga interseksyon ng Wilmington Avenue, Carson Street, Avalon Boulevard, at Main Street. Ang Alternatibo 3 ay hindi magtatayo ng mga auxiliary lane ngunit magpapatupad ng mga elemento ng Complete Streets sa undercrossing ng 213th Street at sa mga interseksyon ng Wilmington Avenue, Carson Street, Avalon Boulevard, at Main Street. Ang mga elemento ng Transportation System Management at Transportation Demand Management ay ipatutupad sa buong Lugar ng Pag-aaral ng Proyekto sa ilalim ng mga Alternatibo 2 at 3.

Ang ipinanukalang proyekto ay kinabibilangan ng isang lugar na nakatala sa listahang tinukoy sa Seksyon 65962.5 ng Government Code na may kaugnayan sa mapanganib na basura.

Ipinapakita ng pagsusuri sa pagsunod sa antas ng proyekto (project-level conformity analysis) na ang ipinanukalang Proyekto ay sumusunod sa State Implementation Plan, kabilang ang pagsusuri ng mga lokal na epekto na isinagawa sa pamamagitan ng konsultasyon sa mga kaugnay na ahensiya para sa particulate matter (PM10 at PM2.5) at carbon monoxide (CO), alinsunod sa mga kinakailangan ng 40 Code of Federal Regulations (CFR) 93.116 at 93.123. Ang Proyektong ito ay hindi itinuturing na Project of Concern kaugnay ng particulate matter (PM10 at PM2.5), ayon sa kahulugang itinakda sa 40 CFR 93.123(b)(1). Hindi isinagawa ang

isang detalyadong pagsusuri ng PM10 at PM2.5 hot-spot dahil natutugunan ang mga kinakailangan ng Clean Air Act at 40 CFR 93.116 kahit walang hayagang pagsusuri ng hot-spot. Ang Proyekto ay nagmumula sa isang Regional Transportation Plan (RTP) at Transportation Improvement Program (TIP) na sumusunod sa mga naaangkop na kinakailangan sa pagsunod. Hinihiling ang mga komento tungkol sa pagsusuri ng pagsunod sa antas ng proyekto.

**BAKIT MAY ABISONG ITO?**

Ang layunin ng abisong ito ay ipaalam sa publiko na magagamit na ang burador ng dokumento, bigyan ang publiko ng pagkakataong magbigay ng mga komento, at ipabatid sa publiko ang tungkol sa mga pampublikong pagdinig at pagpupulong na gaganapin nang personal.

Pinag-aralan ng Caltrans ang mga posibleng epekto ng Proyektong ito sa kapaligiran. Ipinakikita ng aming mga pag-aaral na, kapag naipatupad ang mga hakbang sa pagpapagaan ng epekto, ang Proyekto ay hindi magkakaroon ng makabuluhang masamang epekto sa kalidad ng kapaligiran. Ang mga resulta ng mga pag-aaral na ito ay ibinubuod sa isang dokumentong pangkapaligiran na kilala bilang Burador ng Ulat sa Epekto sa Kapaligiran (Environmental Impact Report o EIR)/Pagtatasa sa Kapaligiran (Environmental Assessment o EA).

Ang Burador ng Ulat sa Epekto sa Kapaligiran (EIR)/Pagtatasa sa Kapaligiran (EA) ay makukuha sa website ng Proyekto: https://www.metro.net/projects/i-405-wilmington/. Ang mga nakaimprentang kopya ng burador ng dokumentong pangkapaligiran ay makukuha sa mga sumusunod na lokasyon sa karaniwang oras ng tanggapan:

Tanggapan ng Distrito 7 ng Caltrans
100 South Main Street
Los Angeles, CA, 90012

Aklatan ng Carson
151 East Carson Street
Carson, CA 90745

Punong-himpilan ng LA Metro
1 Gateway Plaza
Los Angeles CA, 90012

**PAANO MAKAKALAHOK?**

Magkakaroon ng dalawang pampublikong pagdinig na gaganapin nang personal upang mabigyan kayo ng pagkakataong makakuha ng impormasyon tungkol sa Proyekto mula mismo sa mga kinatawan nito at maipahayag ang inyong mga komento at alalahanin tungkol sa ipinanukalang Proyekto. Magkakaroon ng mga serbisyo sa pagsasalin sa wikang Espanyol at Tagalog sa mga pampublikong pagdinig:

Agosto 20 at 25, 2026
6:00 ng gabi hanggang 7:30 ng gabi
Sentro ng Kaganapan sa Carson
801 East Carson Street
Carson, CA 90745

Inaanyayahan namin kayong magbigay ng inyong mga komento tungkol sa burador ng dokumentong pangkapaligiran sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa wilmington@metro.net o pagsusumite ng komento sa pamamagitan ng website ng Proyekto sa https://www.metro.net/projects/i-405-wilmington/. Maaari rin kayong magsumite ng komento sa pamamagitan ng koreo sa:

California Department of Transportation, District 7
Division of Environmental Planning
Attn: Rocky Rojas, Environmental Scientist
100 South Main Street, MS 16A
Los Angeles, CA 90012

Ang lahat ng matatanggap na komento ay magiging bahagi ng rekord ng Proyekto at magsisilbing mahalagang impormasyon para sa aming mga tauhan sa pangkapaligirang pagsusuri at pagdidisenyo.

| |
|---|
| Lahat ng komento ay dapat na may tatak ng koreo (postmark) na may petsang hindi lalampas sa **Setyembre 21, 2026**. |
| **MAKIPAG-UGNAYAN**<br><br>Kung mayroon kayong anumang katanungan, mangyaring makipag-ugnayan kay Rocky Rojas, Siyentistang Pangkapaligiran ng Dibisyon ng Pagpaplanong Pangkapaligiran, sa (213) 266-3772 o sa rocky.rojas@dot.ca.gov. |
| **MGA ESPESYAL NA AKOMODASYON**<br><br>Ang mga indibidwal na nangangailangan ng mga espesyal na akomodasyon (tagapagsalin sa American Sign Language (ASL), upuang naa-access, mga dokumentong nasa alternatibong mga format, atbp.) ay hinihiling na makipag-ugnayan kay Rocky Rojas ng Caltrans District 7 sa (213) 266-3772 nang hindi bababa sa pitong (7) araw bago ang nakatakdang pampublikong mga pagdinig. Maaaring makipag-ugnayan ang mga gumagamit ng TDD sa California Relay Service sa 1 (800) 735-2929 (TTY patungong Boses), 1 (800) 735-2922 (Boses patungong TTY), 1 (800) 855-3000 (Espanyol: TTY patungong Boses at Boses patungong TTY), 1 (800) 854-7784 (Espanyol at Ingles: Boses patungong Boses), o 711. |
| **Salamat sa inyong interes!** |